



UK Health  
Security  
Agency



# Buntis?

**Mga bakunang nagpoprotekta sa iyo, sa iyong sanggol, at sa iyong pagbubuntis**

**Flu** (Trangkaso)

**Ubong-dalahit**  
(Tuspirina)

**Respiratory Syncytial Virus** (RSV)

May dagdag na payo ukol sa ibang mga bakuna at kung kailan kailangang makuha ang mga ito



**i**mmunisation

## **Inilalarawan ng polyetong ito ang mga libreng bakuna na tumutulong sa pagprotekta**

- sa iyo
- sa iyong pagbubuntis, at
- sa iyong bagong panganak na sanggol mula sa mga komplikasyon ng impeksyon

## **Paano gumagana ang mga bakuna?**

Ang mga bakuna ay tumutulong sa natural na panlaban ng iyong katawan (ang immune system) na makilala at labanan ang ilang nakakahawang sakit.

Kapag nakatanggap ka ng bakuna, ang iyong immune system ay pinapalakas upang makatulong na maiwasan kang magkasakit at upang maprotektahan ang iyong pagbubuntis. Ang antibodies ay naipapasa sa sanggol sa iyong sinapupunan upang makatulong na protektahan sila mula sa pagkasilang hanggang sa unang ilang linggo at buwan ng kanilang buhay.

## **Maaari ko bang pasusuhin ang aking sanggol pagkatapos akong mabakunahan?**

Oo, ligtas na pasusuhin ang iyong sanggol pagkatapos mong magkaroon ng mga bakunang laban sa MMR, trangkaso, ubong-dalahit at RSV. Para sa ilang bakuna na ibinigay sa panahon o pagkatapos ng pagbubuntis, ang iyong gatas sa suso ay magkakaroon ng antibodies sa loob nito upang patuloy mong maibahagi ang iyong proteksyon sa iyong sanggol sa pamamagitan ng pagpapasuso.

---

## Mga bakunang ibinibigay habang nagbubuntis

---

### **Ubong-dalahit (Tuspirina)**

Ang ubong-dalahit ay isang nakakahawang sakit na maaaring maging napakalubha para sa maliliit na sanggol. Kadalasan, ang mga sanggol na may ubong-dalahit ay kinakailangang manatili sa ospital.

Ang ubong-dalahit ay maaaring magdulot ng mahabang pag-ubo at nabubulunan na nagpapahirap sa paghinga. Ang ingay ng paghuni ay dulot ng pangangapos ng hininga pagkatapos ng bawat pag-ubo.

Ang ubong-dalahit ay maaaring tumagal nang 2 hanggang 3 buwan. Maaari itong humantong sa pulmonya, kombulsyon at permanenteng pinsala sa utak. Sa mga pinakamalalang kaso, maaari itong magdulot ng kamatayan.

### **Bakit ko kailangan ang bakuna laban sa ubong-dalahit?**

Ang pagkakaroon ng bakuna laban sa ubong-dalahit habang ikaw ay buntis ay magpapalakas ng iyong sariling proteksyon. Ang antibodies na ginagawa ng iyong katawan ay dadaan din sa inunan patungo sa iyong sanggol. Ang antibodies na ito ay tutulong na protektahan ang iyong sanggol laban sa ubong-dalahit sa kanilang mga unang linggo ng buhay.



---

**Buntis?** – Mga bakuna bago magbuntis, habang nagbubuntis at pagkatapos ng pagbubuntis

---

## **Kailan ako dapat magpabakuna nito?**

Karaniwang matatanggap mo ang iyong bakuna laban sa ubong-dalahit sa panahon ng pag-scan sa iyo sa kalagitnaan ng pagbubuntis (karaniwan ay 20 linggo) ngunit maaari mo itong makuha nang kasing-aga ng 16 na linggo.

Kung umabot ka na sa 20 linggo ng pagbubuntis at hindi ka pa nababakunahan nito, makipag-usap sa iyong doktor o komadrona at magpa-appointment upang makuha ang bakuna sa pinakamaagang pagkakataon.

Para mabigyan ang iyong sanggol ng pinakamahasag na proteksyon, dapat layunin mong makuha ang bakuna sa loob ng 32 linggo. Kung nakaligtaan mo ito, maaari ka pa ring magpabakuna sa kalaunan, ngunit maaari itong hindi kasing-eppektibo. Kung hindi posible na magkaroon ng bakuna bago ipanganak ang iyong sanggol, maaari mo pa rin itong makuha pagkatapos, na magbabawas sa panganib na mahawa ng ubong-dalahit ang iyong sanggol. Mahalagang magkaroon ng bakuna laban sa ubong-dalahit sa bawat pagbubuntis upang mapalakas ang antas ng iyong antibodies at makatulong na protektahan ang iyong sanggol.

## **Akala ko binibigyan ang mga sanggol ng bakuna laban sa ubong-dalahit?**

Sa UK, binibigyan ang mga sanggol ng bakuna laban sa ubong-dalahit sa edad na 8, 12 at 16 na linggo. Maraming sanggol na may malubhang sakit na ubong-dalahit ang nahawahan sa kanilang mga unang linggo ng buhay. Ang tanging paraan upang maprotektahan ang iyong sanggol sa oras na ito ay ang pagkakaroon ng bakuna laban sa ubong-dalahit habang buntis ka.

## **Gaano kaepektibo ang bakuna?**

Ipinakita ng mga pag-aaral sa UK na ang pagkakaroon ng bakuna habang nagbubuntis ay humigit-kumulang 90% epektibo sa pag-iwas sa ubong-dalahit sa mga bagong panganak na sanggol.

Ang proteksyong makukuha mo mula sa bakuna ay nangangahulugan din na mas maliit ang posibilidad na magkaroon ka ng ubong-dalahit at maipasa ito sa iyong sanggol.

## **Aling bakuna ang ibibigay sa akin?**

Ang bakunang ibinibigay namin sa panahon ng pagbubuntis ay nagbibigay din ng proteksyon laban sa tetanus at dipterya. Dapat itong magpalakas sa proteksyong nakuha mo mula sa iyong mga karaniwang bakuna sa pagkabata.

Maaari mong basahin ang tungkol sa bakunang Adacel dito: [www.medicines.org.uk/emc/product/15553/pil#gref](http://www.medicines.org.uk/emc/product/15553/pil#gref)

## **Ligtas bang magpabakuna laban sa ubong-dalahit habang nagbubuntis?**

Maraming bansa sa Europe, North at South America, Australia at New Zealand ang gumagamit ng bakuna laban sa ubong-dalahit sa panahon ng pagbubuntis at mayroon itong mahusay na rekord pagdating sa kaligtasan.

Mas ligtas para sa iyo at sa iyong sanggol ang magkaroon ng bakuna kaysa isapalarang magkasakit ng ubong-dalahit ang iyong bagong panganak.

**» Tumulong na protektahan ang iyong sanggol sa pamamagitan ng pagpapabakuna laban sa ubong-dalahit sa bawat pagbubuntis. Siguraduhin na ang iyong sanggol ay makakakuha ng sarili nilang pagbabakuna laban sa ubong-dalahit sa 8, 12 at 16 na linggo.**

## **Respiratory syncytial virus (RSV)**

Ang respiratory syncytial virus o RSV ay isang karaniwang virus na maaaring magdulot ng impeksyon sa baga na tinatawag na bronchiolitis. Sa maliit na sanggol, ang kondisyong ito ay maaaring magdulot ng kahirapang huminga at dumedede. Humigit-kumulang sa 20,000 sanggol ang pinapasok sa ospital dahil sa bronchiolitis bawat taon sa England, at ang ilan ay nangangailangan ng masinsinang pangangalaga (intensive care). May maliit na bilang ang namamatay.

Ang RSV ay mas malamang na maging malubha sa mga sobrang batang sanggol, sa mga pinanganak nang maaga sa takdang panahon, at sa may mga kondisyon na nakakaapekto sa kanilang puso, paghinga, o immune system. Maaaring magkasakit ng RSV kahit kailan sa buong taon ngunit dumadami ang kaso kada taglamig.

### **Bakit ako dapat magpabakuna laban sa RSV?**

Ang pagpapabakuna laban sa RSV habang ikaw ay buntis ay magpapalakas sa iyong proteksyon. Ang antibodies na ginagawa ng iyong katawan ay ipapasa sa iyong hindi pa isinisilang na sanggol. Ang antibodies na ito ay tutulong na protektahan ang iyong sanggol laban sa RSV mula nang sila ay ipanganak.

### **Kailan ako dapat magpabakuna?**

Dapat kang alukin ng bakunang ito sa bandang ika-28 linggong appointment mo sa prenatal.

Dapat mong subukang magpabakuna sa ika-28 linggo o sa lalong madaing panahon pagkalipas nito. Makakatulong ito sa iyo na makabuo ng mabuting antas ng antibodies na ipapasa sa iyong sanggol bago siya maipanganak.

Maaari ka pa ring magpabakuna sa kalaunan ng iyong pagbubuntis ngunit maaari itong hindi kasing-epektibo. Kung hindi posible na magkaroon ka ng isang dosis nang mas maaga, maaari itong ibigay hanggang sa sandaling manganganak ka na.

Dapat kang magpabakuna laban sa RSV sa bawat pagbubuntis upang maibigay sa iyong bagong sanggol ang pinakamainam na proteksyon.

## **Gaano kaepektibo ang bakuna laban sa RSV?**

Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang pagbabakuna laban sa RSV ay nagbabawas ng panganib na magkaroon ang iyong sanggol ng malubhang bronchiolitis nang 70% sa unang anim na buwan ng kanyang buhay.

Gaya ng lahat ng gamot, walang bakuna ang ganap na epektibo at ang ilang sanggol ay maaari pa ring magkasakit ng RSV kahit na nabakunahan ang kanilang ina. Gayunpaman, para sa karamihan ng mga sanggol na isinilang ng mga nabakunahang ina, ang anumang pagkakasakit ng RSV ay dapat hindi na kasing-lubha.

## **Aling bakuna ang ibibigay sa akin?**

Mababasa mo ang tungkol dito rito: [www.abryso.com/](http://www.abryso.com/)

## **Ligtas ba para sa aking sanggol ang magpabakuna laban sa RSV sa panahon ng pagbubuntis?**

Sa isang klinikal na pagsubok sa halos 4,000 kababaihan, ang bakuna ay may magandang rekord sa kaligtasan at naaprubahan na ngayon ng mga tagapangasiwa ng gamot sa UK, Europe at USA. Maraming libu-libong kababaihan ang nagkaroon na ng bakuna sa mga pambansang programa, kabilang ang higit sa 100,000 kababaihan sa USA.

Sa klinikal na pagsubok, bahagyang mas maraming sanggol ang ipinanganak nang maaga sa grupong binigyan ng bakuna kaysa sa grupong walang bakuna. Lumilitaw na ang pagkakaibang ito ay dahil sa pagkakataon, ngunit ito ang isang dahilan kung bakit ibinibigay ang bakuna mula 28 linggo kaysa sa mas maagang panahon sa iyong pagbubuntis. Sa pangkalahatan, mas ligtas para sa iyo at sa iyong sanggol na magkaroon ng iyong bakuna kaysa isapalaran ang iyong bagong panganak na mahawahan ng impeksyon sa RSV.



**Magpabakuna laban sa RSV kapag buntis ka upang mabigyan ang iyong sanggol ng pinakamahusay na proteksyon sa unang 6 na buwan ng buhay.**

## Trangkaso (Flu)

### Ano ang trangkaso?

Ang trangkaso ay isang lubhang nakakahawang sakit na may mga sintomas tulad ng lagnat, panginginginig, pananakit ng kalamnan, pananakit ng ulo at matinding pagkapagod. Ang mga buntis na kababaihan ay may mas mataas na pagkakataon na magkaroon ng malubhang komplikasyon ng trangkaso, lalo na sa mga huling yugto ng pagbubuntis, kabilang ang pulmonya at maging ang kamatayan. Maaari ding magbigay ng banta ang trangkaso sa iyong pagbubuntis, na humahantong sa napaaga na kapanganakan, mababang timbang ng sanggol pagkapanganak at patay na sanggol pagkapanganak. Ang trangkaso ay maaari ding maging napakalubha para sa mga bagong silang na sanggol at maliliit na sanggol.

### Bakit ko kailangan ang bakuna laban sa trangkaso sa pagbubuntis?

Binabawasan ng bakuna laban sa trangkaso ang iyong pagkakataong magkaroon ng malubhang trangkaso, na nangangailangan ng pagkakaospital o masinsinang pangangalaga sa panahon ng iyong pagbubuntis. Binabawasan din nito ang panganib ng mga komplikasyon sa pagbubuntis.

Pinapalakas ng bakuna ang iyong antibodies laban sa trangkaso na pagkatapos ay ipinapasa sa iyong hindi pa isinisilang na sanggol. Nagbibigay ito ng ilang proteksyon sa iyong bagong sanggol sa unang ilang buwan ng buhay. Mas maliit din ang posibilidad na magkaroon ka ng trangkaso at maipasa ito sa iyong bagong sanggol sa taglamig.

### Kailan ako dapat magpabakuna?

Kadalasang mayroong bakuna laban sa trangkaso mula Setyembre bawat taon at libre para sa mga buntis na kababaihan. Dapat kang magkaroon ng bakunang ito kapag naging available na ito sa Setyembre, anuman ang yugto ng pagbubuntis mo. Pinakamainam na magpabakuna ka bago ang simula ng panahon ng trangkaso, ngunit maaari ka pa ring magpabakuna anumang oras sa panahon ng taglamig. Kakailanganin mo ng bakuna laban sa trangkaso sa tuwing buntis ka sa panahon ng trangkaso.

## **Ligtas bang magpabakuna laban sa trangkaso sa panahon ng pagbubuntis?**

Mula noong 2009, maraming bansa ang nag-alok ng bakuna laban sa trangkaso sa pagbubuntis, at mahigit 2 milyong bakuna ang naibigay na sa mga buntis na kababaihan sa England. Ang bakuna ay may mahusay na rekord ng kaligtasan. Sa pangkalahatan, mas ligtas para sa iyo na magkaroon ng iyong bakuna kaysa isapalaran ang sarili o ang iyong sanggol na mahawahan ng trangkaso.

## **Gaano kaepektibo ang bakuna laban sa trangkaso?**

Ang pagkakaroon ng bakuna laban sa trangkaso sa pagbubuntis ay nagbabawas sa panganib sa iyong sarili o sa iyong sanggol na magkaroon ng karamdamang tulad ng trangkaso. Ang mga sanggol na ipinanganak sa mga babaeng nabakunahan ay humigit-kumulang 70% na mas mababa ang posibilidad na maospital dahil sa trangkaso sa unang 6 na buwan ng buhay.

**» Ang trangkaso ay maaaring isang malubhang sakit para sa mga buntis na kababaihan at kanilang mga sanggol. Ang lahat ng buntis na kababaihan ay dapat mabakunahan laban sa trangkaso nang libre sa bawat pagbubuntis. Ito ay maaaring ibigay sa anumang yugto ng pagbubuntis simula Setyembre.**

### **Ano ang dapat kong gawin ngayon?**

Maaari kang makipag-usap sa iyong doktor, komadrona o team na pangkalusugan upang gumawa ng appointment para makuha ang iyong mga bakuna. Ang mga bakuna laban sa trangkaso, ubong-dalahit at RSV ay lahat ibinibigay bilang isang iniksyon sa braso. Mga karaniwang epekto ay banayad at kasama ang:

- panakit at pamumula sa lugar kung saan ininiksyunan
- panakit ng ulo at panakit ng kalamnan
- banayad na lagnat o pagkapagod

Maaari mong basahin ang polyeto tungkol sa trangkaso rito:

[www.gov.uk/government/publications/flu-vaccination-who-should-have-it-this-winter-and-why](http://www.gov.uk/government/publications/flu-vaccination-who-should-have-it-this-winter-and-why)

---

## Bago ka magbuntis


---

Kung hindi ka pa buntis, ngunit umaasa kang mabuntis sa malapit na hinaharap, dapat mong tiyakin na ikaw ay napapanahon sa iyong iba pang mga bakuna.

### **Rubella (German measles)**

Ang impeksyong Rubella ay karaniwang isang banayad na impeksyon na nagdudulot ng pamamantal.

Ang pagkakaroon ng rubella sa panahon ng pagbubuntis ay maaaring maging napakalubha para sa iyong sanggol, na nagdudulot ng kondisyong tinatawag na congenital rubella syndrome (CRS). Ang CRS ay maaaring humantong sa pagkabingi, pagkabulag, mga katarata (mga problema sa mata), mga problema sa puso at/o pagkaantala sa pag-unlad. Maaari din itong magresulta sa pagkamatay ng sanggol o sa desisyon na ipalaglag.



## **Pagprotekta laban sa sakit na rubella sa pagbubuntis**

Kung mayroon kang dalawang dosis ng bakunang laban sa MMR noong bata ka, mapoprotektahan ka nang mabuti sa panahon ng iyong pagbubuntis. Salamat sa aming matagumpay na programa ng pagbabakuna, ang impeksyon sa rubella ay napakabihira na ngayon sa UK.

Kung hindi ka sigurado kung nabakunahan ka na nito, maaari mong tanungin ang iyong doktor. Kung napalampas mo, dapat mong habulin ang mga pagbabakuna, mas mabuti bago ka mabuntis. Kung hindi, dapat kang magpabakuna sa lalong madaling panahon pagkatapos ipanganak ang iyong sanggol.

Ang bakuna laban sa MMR ay naglalaman ng isang buhay (pinahina) na virus kaya hindi ipinapayo sa panahon ng pagbubuntis.

## **Buntis na ako pero wala pa akong MMR, ano ang dapat kong gawin?**

Kapag nanganak ka na, maaari mong makuha ang iyong mga bakunang laban sa MMR. Ito ay magpoprotekta sa iyo at sa iyong sanggol mula sa tigdas at rubella. Ang pagkakaroon ng parehong dosis ng MMR ay magbibigay din sa iyo ng pangmatagalang proteksyon laban sa tigdas at beke.

## Pamamantal sa pagbubuntis

### **Ano ang dapat kong gawin kung may nakasalamuha akong isang taong may pamamantal, o kung mayroon akong pamamantal?**

Ang ilang impeksyon na nagdudulot ng pamamantal, kabilang ang rubella, ay maaaring humantong sa mga komplikasyon sa mga buntis na kababaihan. Kahit na protektado ka mula sa rubella, dapat mong ipaalam kaagad sa iyong komadrona, doktor o obstetrician kung mayroon kang pamamantal o may anumang pakikisalamuha sa ibang tao na may pamamantal anumang oras sa panahon ng iyong pagbubuntis.

Mangyaring iwasan ang anumang prenatal clinic, mga lugar para sa mga buntis o iba pang mga buntis na kababaihan hanggang sa masuri ka.

Maaari kang ma-alok ng mga pagsusuri upang malaman kung ikaw ay nahawahan. Ang propesyonal sa kalusugan na nagsusuri sa iyo ay kailangang malaman:

- kung ilang linggo ka nang buntis
- kung kailan ang naging pakikisalamuha sa isang taong may pamamantal
- ang petsa kung kailan ka unang nagkaroon ng pamamantal o may nakasalamuha na isang taong may pamamantal
- isang paglalarawan ng pamamantal (ito ba ay isang nakaangat, umbok na pantal o ito ba ay mga paltos na puno ng likido?)
- kung anong mga impeksyon ang mayroon ka dati gaya ng bulutong, tigdas
- kung ano ang mga bakuna na mayroon ka dati

**» Kung may nakasalamuha kang isang taong may pamamantal o kung nagkakaroon ka ng pamamantal habang ikaw ay buntis, humingi ng payo mula sa iyong doktor o komadrona sa lalong madaling panahon. Kung iantala mo ang pag-uulat ng isang pamamantal, maaaring hindi posible na bigyan ka ng tumpak na diagnosis o anumang inirerekomandang paggamot.**

---

## Iba pang mga bakuna na tatalakayin sa iyong komadrona

---

### **COVID-19:**

Ang panganib na mahawahan ng COVID-19 sa pagbubuntis ay mas mababa kaysa sa simula ng pandemya, ngunit ang mga buntis na kababaihan ay karapat-dapat pa rin para sa pagbabakuna sa taglagas. Babawasan ng bakuna ang iyong pagkakataong magkaroon ng malubhang COVID-19 sa loob ng ilang buwan, na maaaring mas mahalaga kung mayroon kang umiiral na kondisyong medikal. Ang antibodies na ginagawa ng iyong katawan ay ipapasa sa iyong hindi pa isinisilang na sanggol at magbibigay ng ilang proteksyon sa iyong sanggol sa mga unang linggo at buwang iyon.

### **Hepatitis B**

Pagkasilang, ang mga sanggol na ipinanganak sa mga ina na may hepatitis B (o nagpositibo sa hepatitis B sa panahon ng pagbubuntis) ay dapat pabakunahan laban sa hepatitis B sa sandaling sila ay ipanganak. Ang mga pagsasaayos ay dapat gawin sa iyong doktor para sa iyong sanggol na magkaroon ng karagdagang dosis ng bakuna at isang pagsusuri sa dugo kapag siya ay 1 taong gulang upang masuri kung may impeksyon. [www.gov.uk/government/publications/protecting-your-baby-against-hepatitis-b-leaflet](http://www.gov.uk/government/publications/protecting-your-baby-against-hepatitis-b-leaflet)

## BCG

Ang mga sanggol na ipinanganak sa isang magulang (o may lolo't lola) mula sa isang bansa kung saan karaniwan ang TB, ay dapat magkaroon ng bakunang BCG upang maprotektahan sila mula sa TB.

[www.gov.uk/government/publications/tb-bcg-and-your-baby-leaflet](http://www.gov.uk/government/publications/tb-bcg-and-your-baby-leaflet)



**Ang pagkakaroon ng mga inirerekomendang bakuna sa panahon ng pagbubuntis (at pagkatapos ipanganak ang iyong sanggol) ay isa sa mga pinakamabisang bagay na maaari mong gawin upang mabawasan ang panganib ng mga impeksyong maiiwasan sa tulong ng bakuna para sa iyo at iyong sanggol.**

**Ang pagtiyak na ang iyong sanggol ay makakakuha ng sarili niyang mga bakuna sa edad na 8, 12 at 16 na linggo ay nangangahulugan na ang proteksyong ito ay magpapatuloy sa mga taon kung kailan pinakamahina siya.**

### Mga link sa higit pang impormasyon

- [www.nhs.uk/Conditions/vaccinations/Pages/vaccination-schedule-age-checklist.aspx](http://www.nhs.uk/Conditions/vaccinations/Pages/vaccination-schedule-age-checklist.aspx)
- [www.gov.uk/government/collections/immunisation](http://www.gov.uk/government/collections/immunisation)
- [www.medicines.org.uk/emc/](http://www.medicines.org.uk/emc/)
- Upang malaman ang tungkol sa mga bakuna para sa iyong sanggol sa unang taon ng buhay, maaari mong basahin ang [www.gov.uk/government/publications/a-guide-to-immunisations-for-babies-up-to-13-months-of-age](http://www.gov.uk/government/publications/a-guide-to-immunisations-for-babies-up-to-13-months-of-age)

## Talaan ng bakuna sa pagbubuntis

Itala ang iyong mga bakuna sa pagbubuntis sa ibaba upang matiyak na hindi mo makaligtaan ang proteksyon laban sa trangkaso at ubong-dalahit para sa iyo at sa iyong sanggol

Bakuna	Kung kailan dapat magpabakuna	Petsa kung kailan ibinigay
<b>Trangkaso</b>	Sa panahon na uso ang trangkaso, kahit kailan sa panahon ng iyong pagbubuntis.	
<b>Ubong-dalahit</b>	Pinakamainam ang pagkatapos ng iyong 18 hanggang 20 linggong pag-scan. Maaaring ibigay mula 16 na linggo hanggang sa oras ng iyong panganganak.	
<b>RSV</b>	Dapat kang magpabakuna laban sa RSV pagsapit ng ika-28 linggo ng iyong pagbubuntis.	
<b>Ika-1* dosis laban sa MMR</b>	Pagkatapos ipanganak ang iyong sanggol, sa iyong ika-6 na linggong pagsusuri pagkapanganak, ikonsulta (sa doktor o practice nurse).	
<b>Ika-2* dosis laban sa MMR</b>	Apat na linggo pagkatapos ng unang dosis (tulad ng nasa itaas).	

\*kung walang ibang bakuna dati

**Ang pagpapabakuna habang buntis ay nakakatulong na protektahan ang iyong pagbubuntis. Makipag-usap sa iyong komadrona, doktor o mga team pangkalusugan at tiyaking magpabakuna ng mga ito sa pinakamainam na oras para sa iyo.**



© Crown copyright 2024  
24PYPB01TAG Tagalog. 1P 250K OCT 2024  
UK Health Security Agency gateway number: 2024717  
Unang inilathala noong Hunyo 2024

Available din ang polyetong ito na isinalin sa isang hanay ng mga wika at naa-access na mga format. Para makakuha ng higit pang kopya ng polyetong ito, pumunta sa: [www.healthpublications.gov.uk](http://www.healthpublications.gov.uk) o tumawag sa 0300 123 1002. 0300 123 1003 (8am hanggang 6pm, Lunes hanggang Biyernes).

---

**[www.nhs.uk/conditions/vaccinations/nhs-vaccinations-and-when-to-have-them](http://www.nhs.uk/conditions/vaccinations/nhs-vaccinations-and-when-to-have-them)**